

FOR IMMEDIATE RELEASE

Tuesday, July 1, 2025

CONTACT:

Karina Rivera, Alameda Alliance for Health

1.510.499.3419

krivera@alamedaalliance.org



**ALAMEDA ALLIANCE FOR HEALTH, INANUNSYO ANG PANGALAWANG YUGTO NG INISYATIBA NITO
SA PAG-RECRUIT NG PROVIDER**

Nag-invest ang Alliance sa mga residente ng County ng Alameda sa pamamagitan ng pag-release sa susunod na yugto ng Inisyatiba nito sa Pag-recruit ng Provider at sa Programa ng Mga Grant sa Mga Suporta sa Pagsasanay noong Hulyo 1.

Alameda, CA – Inilabas ng Alameda Alliance for Health (Alliance), ang lokal na planong pangkalusugan na nagbibigay ng access sa mga serbisyo sa kalusugan sa mahigit 410,000 residente ng County ng Alameda, ang susunod na yugto ng Inisyatiba nito sa Pag-recruit ng Provider noong Martes, Hulyo 1, 2025, para suportahan ang pag-hire ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan at mapalawak ang access sa pangangalaga para sa Safety Net ng County ng Alameda.

Bilang bahagi ng inisyatibang ito, magbibigay rin ng pondo ng grant para suportahan ang pagsasanay at mga sertipikasyon para sa Mga Health Worker sa Komunidad na tumutulong sa at nagbibigay ng suporta sa mga indibidwal na nagna-navigate sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan.

Ayon sa isang ulat mula sa Association of American Medical Colleges, tinatayang kukulangin ng mahigit 85,000 doktor pagsapit ng 2036. Sa katulad na paraan, ang lumalaking kakulangan sa workforce sa pangangalagang pangkalusugan sa County ng Alameda ay direktang nauugnay sa access sa pangangalaga at mas mabagal na pangangalaga ng pasyente para sa tinatayang sampu-sampung libong lokal na residente na kumukuha ng mga serbisyong kailangan nila para manatiling malayo sa sakit.

Ginawa ang Inisyatiba sa Pag-recruit ng Provider noong nakaraang taon para magbigay ng mga grant para mapalawak ang mga safety net na partner ng Alliance at makatulong sa mga organisasyon sa komunidad sa pag-hire at pagpapanatili ng mga propesyonal sa kalusugan na nagseserbisyo sa populasyong may Medi-Cal ng County ng Alameda. Layunin ng inisyatiba na padaliin ang access ng miyembro sa mga pangunahing uri at serbisyo ng provider sa pamamagitan ng pagpapalawak pa sa network ng provider ng Alliance.

“Alam naming kapag wala masyadong access sa pangunahin at specialty na pangangalaga, hindi nagiging maganda ang mga kahihinatnan para sa aming mga miyembro,” sabi ng CEO ng Alliance na si Matthew Woodruff. “Kaya naman napakahalaga ng investment na ito sa pag-recruit at pagpapanatili ng aming workforce sa pangangalagang pangkalusugan, na makakatulong na tugunan ang mga kakulangan sa aming safety net na sistema at titiyak na may access ang mga pamilya sa mga serbisyong kailangan nila para manatiling malayo sa sakit.”

Bukod sa pagpapalawak sa network ng Provider ng Alliance, patuloy na papadaliin ng Inisyatiba sa Pag-recruit ng Provider ang access ng mga miyembro sa Mga Provider ng Pangunahing Pangangalaga, Espesyalista, at Propesyonal sa Kalusugan na Nauugnay sa Pag-uugali. Magbibigay rin ito ng mga oportunidad sa pagsasanay para sa mga staff para sa suporta gaya ng Mga Health Worker sa Komunidad, at magsusulong ito ng pangangalagang diverse at inklusibo sa lahat ng kultura ng komunidad ng County ng Alameda.

Para matuto pa tungkol sa Inisyatiba sa Pag-recruit ng Provider, bisitahin kami sa www.alamedaalliance.org. Puwedeng ipadala ang mga tanong tungkol sa inisyatiba sa fundinginfo@alamedaalliance.org.

###

Tungkol sa Alameda Alliance for Health

Ang Alameda Alliance for Health (Alliance) ay isang lokal, pampubliko, at not-for-profit na planong pangkalusugan para sa pinapamahalaang pangangalaga na naglalayong gawing accessible at abot-kaya sa mga residente ng County ng Alameda ang mga mataas na kalidad na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Ang Alliance, na itinatag noong 1996, ay ginawa ng at para sa mga residente ng County ng Alameda. Sinasalaming ng Lupon ng Mga Gobernador ng Alliance, namumunong staff, at network ng provider ang pagkakaiba-iba ng kultura at wika sa county. Nagbibigay ang Alliance ng saklaw sa pangangalagang pangkalusugan sa mahigit sa 410,000 bata at nasa hustong gulang na may mababang kita sa pamamagitan ng mga programa ng Panggrupong Pangangalaga ng Medi-Cal at Alliance na accredited ng Pambansang Komite para sa Pagtiyak ng Kalidad (National Committee for Quality Assurance, NCQA).